# Hazard Map ng Pagbaha sa Hiroshima City

Ang mapa na ito ay nilikha upang magsagawa ng maayos na kilos sa paglisan sakaling inaasahan ang pag-apaw ng baha sa apektadong ilog.
Mangyaring **gamitin ito** upang pag-isipan nang maaga ang paglikas, at lumikha ng sariling mapa para sa pag-iwas sa sakuna sa inyong lugar at mga **pagsasanay sa paglikas**.

Pinapakita dito sa Hazard Map ng Pagbaha ang "inaasahang mga lugar na magkaroon ng pag-apaw na baha at lalim ng pagbaha kapag **umapaw ang apektadong ilog** ayon sa **nakatakdang kondisyon**" upang makita ng mga residente ang pinsala sa pag-apaw ng baha. Nakasulat din dito ang mahalagang "paraan ng pagkuha ng impormasyon sa pag-iwas ng sakuna", "shelter", at "lugar na mapanganib sa oras ng paglikas, atbp." para maisaalang-alang ng bawat tao ang paglikas mula sa mapanganib na lugar.
Inaasahan din ang pag-ulan na lagpas sa nakatakdang kondisyon. Kaya siguraduhin din na alamin ang mga lugar na inaasahan ang pag-apaw ng baha para sa inaasahang pinakamatinding pag-ulan.

Portal ng Pagbaha ng Hiroshima | I-search



## Tingnan ang Panganib ng Pinsala mula sa Baha at Isaalang-alang ang Destinasyon ng Paglikas

Alamin muna ang panganib ng pag-apaw ng baha (sakop o lalim) malapit sa iyong bahay, at isaalang-alang ang iyong destinasyon ng paglikas sa panahon ng sakuna.

- Mahalagang isaalang-alang nang maaga ang maraming lugar sa paglikas, sa pag-aalala ng pagkakaugnay sa ilog (sakop, distansya mula sa ilog, lalim ng baha), sitwasyon ng iyong bahay (kung mayroon bang kasama na hindi kayang lumikas mag-isa, panganib sa ruta ng paglikas o distansya), at lagay ng iyong kapaligiran kapag inanunsyo ang utos sa paglikas, atbp.
- Mangyaring sumangguni sa sumusunod na flow kapag pag-iisipan kung saan lilikas.

### <Reference Flow sa Pagsasaalang-alang sa Destinasyon ng Paglikas>

Mayroong espasyo ng paglikas na may distansya mula sa ilog at nasa palapag na mas mataas kaysa sa inaasahang lalim ng baha.

YES → **Siguraduhin ang kaligtasan sa loob ng gusali (Lumikas sa mas mataas na palapag)**

NO → **Umalis at lumikas (Lumikas mula sa iyong bahay)** → Destinasyon ng Paglikas → Bahay ng kaibigan, atbp., o itinalagang emergency shelter, atbp.




**[Mga dapat tandaan kapag lumikas sa mas mataas na palapag]**

Kapag pansamantalang lilikas sa mas mataas na palapag, maaaring mawalay ka sa ibang tao dahil sa pagbaha, at mahihirapan ka sa pagkuha ng supply ng tubig at pagkain, o medikal na atensyon kapag masama ang iyong pakiramdam. Kaya **maghanda ng mga kinakailangang kagamitan**,at **magsiguro ng sistema sa pakikipag-ugnayan, atbp.**

## Kaalaman sa Paglikas

### 1. Protektahan ang sariling buhay.

Ang nararapat na kilos ng paglisan at oras ng paglikas ay magkakaiba ayon sa sitwasyon ng bawat tao. Sa panahon ng emergency, alamin ang impormasyon sa paglikas, kalagayan sa paligid, atbp., at lumikas ayon sa iyong pagpapasya.

### 2. Maghanda ng mga kagamitang pang-emergency.



Sa paghahanda sakaling kailangang lumikas dahil sa emergency, ilagay ang mga minimum na kagamitang dadalhin sa panahon ng paglikas sa backpack, at ilagay ito sa lugar kung saan madali itong bitbitin paalis.

- ☐ Portable na radyo ☐ Pagkaing pang-emergency ☐ Tubig
- ☐ Flashlight/Baterya ☐ Damit ☐ Pang-araw-araw na mga kagamitan
- ☐ Medisinang pang-first aid ☐ Rain gear ☐ Cash
- ☐ Mga mahahalagang kagamitan, atbp.

### 3. Sikaping lumikas nang maaga.

Delikado ang umalis at lumikas pagkatapos umapaw ang baha. Kung makaramdam ka ng panganib batay sa impormasyon gaya ng pag-ulan at antas ng tubig sa ilog, simulan na ang boluntaryong paglikas at huwag hintayin ang utos ng paglikas.

### 4. Tawagin ang iyong mga kapitbahay.

Tawagin ang iyong mga kapitbahay at sikaping lumikas ng magkagrupo kapag lilikas.



## Pagpapasya sa Oras ng Paglikas at Paraan ng Pagkuha ng Impormasyon

Alamin muna ang kahulugan at paraan ng pagkuha ng impormasyon sa panahon ng paglikas, at isaalang-alang ang oras ng paglikas pagdating ng sakuna.
**Ang impormasyon sa paglikas gaya ng utos ng paglikas, atbp. ay i-aanunsyo para sa mga lugar na inaasahan ang pag-apaw na baha na nakalagay sa hazard map.** Kaya alamin ito nang maaga.

- Ang sumusunod ay ang tatlong uri ng impormasyon sa pag-iwas ng sakuna sa pagbaha, at ang mga ito ay i-aanunsyo ng iba't-ibang ahensya sa magkakaibang pangkat.

| Antas ng panganib | Mababa → | | Mataas | | Emergency |
|---|---|---|---|---|---|
| Impormasyon sa Paglikas (Hiroshima City → Distrito ng paaralang elementarya) * Ang Antas ng Alerta 1 hanggang 2 ay iuulat ng istasyon ng panahon. | Paglabas ng alerto | [Antas ng Alerta 3] Paglikas ng Matatanda, atbp. | [Antas ng Alerta 4] Utos ng Paglikas | Siguraduhing lumikas na hanggang Antas ng Alerta 4! | [Antas ng Alerta 5] Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan |
| Impormasyon ukol sa pag-apaw ng mga ilog atbp. Mga ilog na may babala sa pagbaha (bansa/prefecture/weather station→kada ilog) | Antas 2 Abiso sa pag-apaw ng tubig | Antas 3 Babala sa pag-apaw ng tubig | Antas 4 Babala sa matinding panganib ng pag-apaw ng tubig | | Antas 5 Abiso sa pag-apaw ng tubig / Antas 5 Espesypal na babala sa pag-apaw ng tubig |
| Mga ilog na may abiso tungkol sa antas ng tubig (bansa/prefecture→kada ilog) | Antas 2 Abiso sa posibleng pag-apaw ng tubig | Antas 3 Abiso sa posibleng pag-apaw ng tubig | Antas 4 Abiso sa matinding panganib ng posibleng pag-apaw ng tubig | | Antas 5 Abiso sa pag-apaw ng tubig |
| Impormasyon ukol sa malakas na ulan (weather station→bawat lokal na administrasyon) | Antas 2 Abiso sa malakas na ulan | Antas 3 Babala sa malakas na ulan | Antas 4 Babala sa matinding panganib ng malakas na ulan | | Antas 5 Espesyal na babala sa malakas na ulan |

| Uri ng Impormasyon sa Paglikas | Kinakailangang Kilos ng Paglisan |
|---|---|
| [Antas ng Alerta 5] Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan | ☐ **Siguraduhing kumilos agad upang protektahan ang buhay.** Kung hindi kayang lumikas palabas, magmadaling lumikas sa mataas na bahagi sa loob ng gusali. |
| [Antas ng Alerta 4] Utos ng paglikas | ☐ **Dalhin ang mga kagamitang pang-emergency at magmadaling lumikas.** Kung delikado ang paglipat sa labas, lumikas papunta sa mataas na bahagi sa loob ng gusali. |
| [Antas ng Alerta 3] Paglikas ng Matatanda, atbp. | ☐ Dapat na **magsimulang lumikas ang mga taong mabagal lumikas**, gaya ng mga matatanda, mga taong may kapansanan, at mga taong may kasamang maliit na bata, **at ang tagasuporta nila.** ☐ Kasabay ng **pagiging alerto sa impormasyon sa panahon, at paghahanda na lumikas**, ang ibang mga tao ay dapat lumikas agad kung sa tingin nila ay mapanganib na at huwag nang maghintay ng impormasyon sa paglikas. |

## Maaari mong tingnan ang impormasyon sa paglikas at impormasyon sa antas ng panganib sa Emergency Evacuation Guide App!

- Ibinabahagi ng Hiroshima City ang Hiroshima Evacuation Guide App na **"避難所へＧｏ！(Pumunta sa Evacuation Site!)"** kung saan maaaring makita ang mga impormasyon sa paglikas, at impormasyon sa antas ng panganib gaya ng mga lugar na inaasahang may pag-apaw ng ng baha. I-download ang app at tingnan ang antas ng panganib ng iyong bahay.

(Mga Function ng App)

### Kumpirmasyon ng Impormasyon sa Paglikas

Nakalagay sa app ang impormasyon ng paglikas (Paglikas ng Matatanda, atbp., Utos ng Paglikas, atbp.) na inanunsyo sa iyong kinaroroonan.

### Impormasyon sa Antas ng Panganib

Makikita dito ang impormasyon ng antas ng panganib (mga lugar na may pag-apaw ng baha, atbp.) sa iyong kinaroroonan.

### Naka-display na Ruta Papunta sa Pinakamalapit na Evacuation Site

Ipinapakita dito ang pinakamaikling ruta papunta sa bukas na evacuation site malapit sa iyong kinaroroonan kung kinakailangang umalis at lumikas. Kung ikaw ay lalayo mula sa naka-display na ruta, o itinalaga mo ang lugar na nais mong daanan, magpapakita ito ng bagong ruta.

### I-download

| | [iOS ver.] | [Android ver.] |
|---|---|---|
| Inirerekomendang device | • iOS/iOS 10.0 o higit pa | • Android/Android Device 6.0 o higit pa |